SA MGA MAGULANG/TAGAPAG-ALAGA

# 保護者の皆様へ



Ota City Board of Education

太田市教育委員会

Sa nalalapit na pagpasok sa paaralan ng inyong anak, alam namin na kayo, pati na ang inyong anak, ay puno ng pag-asa at hangarin. Upang maging maluwag ang damdamin at masaya ang pagpasok ng bata sa paaralan, ang tahanan at paaralan ay may kanya-kanyang tungkulin na dapat isagawa. Mahalaga ang kooperasyon at pakikipagtulungan natin. Kaugnay nito, hinihiling namin na ituro sa bata ang mga sumusunod bago magsimula ang pasukan.

Gayundin, nakikiusap kami sa magulang at pamilya na bigyang pansin ang mga sumusunod.

## １，入学前にお子さまに家庭で身に付けさせてほしいこと

Mga dapat ituro sa bahay at matutunan ng bata bago magsimula ang pasukan

●Mag-isang matulog nang maaga, bumangon nang maaga.

●Kumaing mabuti sa umaga.

●Mahusay na magsupilyo ng ngipin.

●Makayang sumagot at bumati nang may malakas na boses.

●Umupo sa silya nang maayos.

●Malaman at mapag-iba ang sariling gamit sa gamit ng ibang tao.

●Maayos na makapagbihis nang mag-isa.

●Ayusin at linisin ang desk at ang paligid.

●Makipaglaro at makihalubilo ng maayos sa ibang bata.

●Makinig na mabuti sa mga sinasabi ng ibang tao.

●Huwag gumamit ng malaswa/magaspang na salita.

●Humingi ng paumanhin kung nagkamali.

●Huwag magsinungaling.

※Kung may panagangailangan, ang Board of Education ng Ota City ay maaaring direktang makipagugnayan sa mga magulang matapos ang pagsusuri sa kalusugan para sa pagpasok sa paaralan.

Upang maging masaya ang pamumuhay sa paaralan ng inyong anak, mangyaring sagutin ang tawag na galling sa numerong nakatala. Ota City Board of Education: 0276-55-2128

## 2， 親や家族としても心がけてほしいこと
Mga dapat isaisip bilang magulang o kaya ay pamilya



●Patulugin, pabangunin ng maaga, ayusin ang rhythm ng pang-araw-araw na pamumuhay.

● Pakainin ng umagahan.

●Purihin tuwing may ginawang mabuti, pagsabihan at tamain tuwing may ginawang masama. Yakapin at pakitaan ng pagmamahal kung malungkot, ipadama na siya ay mahalaga.

●Upang magkaroon ng sariling lugar at halaga sa sarili, huwag ipilit sa kanya ang pasya ng iba, pakinggan ang kanyang mga sinasabi.

●Kung ang bata ay nagtanong, huwag sagutin ng [Mamaya na lang], agad magkasamang pag-isipan o magsiyasat.

●Tuparin at isagawa ang pangako sa bata.

●Bigyan ng oras ang pakikipag-ugnay sa bata, basahan ng aklat, makipagkwentuhan sa kanya.

●Ipakita ang paggawa, ipagawa, purihin kapag nagawa.

●Bigyan ng tungkulin na ayon sa gulang, patulungin sa mga gawaing bahay

●Pahalagahan ang ang ibat-ibang karanasan at ang pakikipag-ugnayan sa ibang tao (na may ibat-ibang gulang).

●Huwag bigyan ng sobrang proteksyon o panghihimasok, turingin ang bata bilang isang tao na lumalaki.

●Ituro na kailangan ang pagtitiis (gaman).

●Hikayatin at hayaang masiglang maglaro sa loob ng kalikasan.

●Huwag hayaang magkaroon ng epekto sa pagkain ng regular meals ang instant foods at snacks

●Protektahan ang bata mula sa problema na may kaugnay sa internet at smartphone.

●Samahang maglakad, ituro ang daan papunta sa paaralan, habang ipinapaalala ang mga delikadong lugar, ang panganib sa pagsama sa taong hindi kilala, at iba pang bagay na may kaugnay sa kaligtasan.

〈「ぐんまの子どものためのルールブック５０」（群馬県教委）を参考にしました。〉

Reference : Gunma no Kodomo no Tame no Rulebook 50 (Gunma Kyoui)
[*For Gunma's Children Rulebook 50*] (*Gunma Prefectural Board*)